

*Kapwa nagsimula na ang isinasagawang mass testing sa pamamagitan ng Swabbing procedure sa Quezon City at sa Maynila para sa COVID-19. (Kuha nina Michael Varcas at Edd Gumban)*

# 150 katao, kabilang sa pilot community-based testing sa COVID-19 sa QC

Nasa 150 katao mula sa iba't-ibang lugar sa Quezon City ang bahagi ng pilot community-based testing na isinagawa ng lokal na pamahalaan para sa coronavirus disease 2019 (COVID-19) sa Quezon Memorial Circle.

Sinabi ni QC Project Director Joseph Juico, ang sasailalim sa pagsusuri ay pawang rekomendado ng QC Health Department sa pakikipagtulungan ng mga barangay.

"These people are identified by the district health officers and are suspected COVID-19 patients with symptoms, adding the 150 persons will be divided into four batches", pahayag ni Juico.

Anya, ang lokal na pamahalaan ay maglalaan ng isang sasakyan sa bawat pasyente para matiyak dito ang social distancing.

"The community-based testing is crucial as this would help calibrate our efforts in combating the spread of COVID-19 in our communities, the move would also help flatten the curve", ayon naman kay QC Mayor Joy Belmonte.

Kaugnay nito, sinabi ni Dr. Rolando Cruz, head ng Epidemiology and Surveillance Unit ng QC Health Department (QCHD), ang mga samples ay agad ipadadala sa Research Institute for Tropical Medicine (RITM) para masuri at ang resulta ay malalaman makaraan ang 3 hanggang 5 araw.

Anya, ang mga pasyente na mapapatunayang negatibo sa COVID- 19 ay papayagan na makauwi pero kailangan pa rin itong sumailalim sa self-quarantine sa loob ng 14 na araw.

"If a patient is tested positive, he or she will be automatically referred to Hope 2 under the care of health practitioners equipped to deal with mild symptoms," pahayag ni Dr. Cruz.

May mga swab booths na laan dito para sa pagsusuri para mabawasan ang mga health worker na ma-expose sa mga posibleng COVID-19 patients at mabawasan din ang paggamit ng personal protective equipment (PPE).

Sinabi ni Dr. Cruz na ang Philippine Red Cross (PRC) ay magkakaloob ng dagdag na 1,500 testing at extraction kits sa mga susunod na araw. Ang QC government ay nasa proseso naman ng pagbili ng 10,000 swabs at universal transport media (UTM) kits. *(Angie dela Cruz)*